Pagtanggap ng bayad: pagkonekta sa Stripe

Nagbabayad sa iyo ang mga customer gamit ang card sa pamamagitan ng Stripe. Ang kompanya mo ang merchant, at diretso sa bangko mo ang pera.

Mga hakbang

1. Buksan ang Configure, saka ang Taking payments.
2. Pindutin ang button para i-set up ang mga bayad. Pupunta ka sa sariling mga page ng Stripe para ibigay ang detalye ng negosyo at bangko mo.
3. Pagbalik mo, tatanungin ng HQ ang Stripe kung nasaan na ang lahat at ipapakita ang anumang kulang pa.
4. Kung humingi pa ng iba ang Stripe, pindutin ulit ang Ask Stripe pagkatapos mo itong maibigay.

Mabuting malaman

Hindi kailanman dumadaan sa HQ ang detalye ng card. Tina-type ito ng mga customer sa page ng Stripe.

Kinukuha ng Stripe ang card fee nito sa bawat bayad. Hindi kailanman humahawak ang HQ ng pera ng mga customer mo.